

## [Hallyu] The Korean Wave: Pagsusuri sa mga Salik Kultural sa Pagkahumaling ng mga Pilipino sa Kdrama

Gilbert C. Galit<sup>1</sup>&Edrian A. Pangilinan<sup>2</sup>

<sup>1</sup>(College of Arts and Sciences, Leyte Normal University, Philippines)

<sup>2</sup>(Junior High School Department, Tacloban Angelicum Learning Center, Philippines)

**Abstract:** *This study was conducted to investigate and understand the cultural factors that may be the reason why Filipinos are fond to watching Korean Drama (KDrama) despite the difference in the cultural orientation of the viewer and the materials watched. In this study, the cultural factors in the fascination of Filipinos to KDrama are answered. It is a descriptive-qualitative method employing a content analysis design to elicit various Korean factors and its similarities in Filipino culture from the three KDramas – Endless Love: Autumn in My Heart, Full House, and Descendants of the Sun. A thematic analysis was used to organize and interpret the data obtained from the content analysis. Based on the analysis conducted by the researchers, it appears that the themes and fashion, of the Korean KDrama have a big factor in the Filipino's attraction to KDrama. Based on the data obtained, the researchers concluded that KDrama contains cultural factors that are closely similar and relatable to the Filipino viewers that explain why KDrama is fully accepted, loved, and enjoyed in the Philippines. Researchers therefore recommend to use KDrama in academic discussions through meaningful cultural exploration and integrating a multicultural orientation in order for the present generation to have greater knowledge and appreciation about its cultural relevance in the society.*

**Keywords:** *Hallyu, Korean Wave, KDrama, culture, factors*

### I. INTRODUCTION

Ang kultura ay ang kabuuan ng pinagsama-samang pananaw ng mga tao sa kanilang lipunan. Nakapaloob sa pananaw na ito ang koleksyon ng mga kaugalian, nakasanayan, paniniwala, tradisyon at iba pa. Maaaring ang mga pananaw na ito ay pamana pa ng mga naunang henerasyon na naisalin hanggang sa kasalukuyang panahon. Nabubuo ang kultura upang tugunan ang mga pangangailangan ng indibiduwal sa isang partikular na lugar. Dahil bawat rehiyon ay mayroong sariling pangangailangan, nag-iiba ang mga kilos at gawi nila kumpara sa iba (Brian Carlo, 2018).

Maituturing ngang isa ang Filipinas sa may pinakamayaman at pinakamakulay na kultura sa buong mundo. Ang kultura ay may mahalagang papel sa paghubog ng pagka-Filipino. Subalit sa paglipas ng panahon, kasabay ng maraming pagbabagong nagaganap sa mundo, mga pagbabagong hindi maiiwasan ng kahit na sino man, ang mga kulturang nakasanayan ay unti-unting nagbabago at naglalaho dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang kaisipan at paniniwala ng mga tao. Katulad na lamang ng pag-unlad ng agham at teknolohiya sa bansa, pag-usbong ng mga makabagong kagamitan na produkto ng teknolohiya katulad ng *cellphone* o *smartphones*, *laptops*, kompyuter at ng *internet* na kung saan ay may napakalaking impak sa gawi at pamumuhay ng mga Filipino, lalong-lalo na sa mga kabataang Filipino sa henerasyong ito.

Dagdag pa ni Telmo (2016), malaki ang ginagampanan ng teknolohiya sa paghabi ng kultura, lalo na sa kabataan. Ang kulturang popular ay nakabatay sa pagdisimina ng iba't ibang bagay gamit ang isang midyum. Hindi maikakaila na ang *internet* ay isang penomena na naging kaakibat ng isang makabagong kultura. Talagang nakababahala ang ganitong penomenon no sa henerasyong ito. Ngunit, ang isa pang lubos na

nakababahala ay ang patuloy na pagkahumaling ng mga Filipino ngayon sa kultura ng ibang lahi partikular sa mga programang pantelebisyon na produkto ng ibang bansa at ang mga gumaganap na aktor ay banyaga. Ang mga pagbabagong ito ay nagdudulot ng unti-unting pagpapalit-anyo ng kinagisnang kultura ng mga Filipino. Dagdag pa ni Liliy (2017), sa paglipas ng panahon, tila paunti nang paunti ang mga Filipinong nagmamahal sa sariling kultura. Sang-ayon ditto si Lim (2014), para sa kanya, unti-unting namamatay ang kultura ng Filipinas. Ang kabataan sa kasalukuyang panahon ay wala ng pagpapahalaga para sa mga produktong at gawaing Pilipino. Ang sinasabing “*colonial mentality*”, o ang kaugaliang pumapabor sa paggamit ng mga bagay na gawa ng mga dayuhan ay nagiging kanser na sa lipunan.

Ang isa pa sa nakababahala ay ang pagtangkilik ng mga Pilipino sa mga programang pantelebisyon na mula sa ibang bansa na kung saan ay mas gustong panoorin ng mga Pilipino lalong-lalo na ng mga kabataan sa henerasyong ito ang mga programang pantelebisyon na ang mga gumaganap na bida o aktor ay mga banyaga.

Ang paglaganap ng mga adaptasyong teleserye at pelikula sa Aysa partikular dito sa Pilipinas ay nagdulot ng positibong at negatibong epekto. Mas lumalawak ang kaalaman ng mga Pilipino sa kultura at iba pang tradisyon ng iba’t ibang bansa. Dito rin nalalaman ng mga Pilipino ang pagkakapareho at pagkakaibaiba ng tradisyon, kultura, at pamahiin, at ng iba pang bansa. Natututo rin ang mga Pilipino na linangin ang kaalaman sa paggawa ng isang pelikula o teleserye. Ganoon pa man, ang pagtangkilik ng mga Pilipino lalo na ng mga kabataang ay nagdulot ng pagbaba ng suporta at pagbagsak ng mga palabas na gawang Pilipino. Hindi na rin alam lalong-lalo na ng henerasyong ito ang sariling kultura’t tradisyon sapagkat nakapokus lamang sa panood ng mga adaptasyong teleserye at pelikula (Portillo, 2018).

Taong 2003 nang sumibol ang pagpapalabas ng mga Asianovelas o mga teleseryeng nagmula sa Taiwan, South Korea, China at Japan. Ngunit sa lahat ng mga ito ay ang KDramas (Korean Dramas) o mga teleseryeng mula sa South Korea ang patuloy na namamamayagpag at tinangkilik ng mga Pilipino magpasahanggang ngayon (Serrano, 2011).

Ang mga telenovelas o mga *soap operas* ay naging isang napakalaking *hit* sa bansa sa panahon ng '90s ng mga malalaking *entertainment network* na nagpakilala ng mga sikat na Mexican telenovelas na "Marimar" at "Betty La Fea" na nakuha ang puso ng mga maraming Pilipino. Noong 2003, nakita sa telebisyon sa Pilipinas ang isang makabuluhang pagbabago ng pokus sa serye at palabas mula sa ibang bansa na mas malapit sa Pilipinas tulad ng Taiwan at South Korea. Samakatuwid, ang "Asianovelas" o *Asian soap operas* ay ipinakilala, simula sa *hit* Taiwanese drama series, "Meteor Garden" na ipinalabas noong Mayo ng taong 2003. Sa parehong taon, ang pagtaas ng “Hallyu o Korean Wave” ay kinuha din ang bansa na parang bagyo. Simula noon, ang *Asianovela craze* ay lumalaki at naging popular lalo na sa pagpapakilala ng Korean dramas sa *Philippine TV* (Fabular, 2018).

Binanggit sa pag-aaral ni Portillo (2018) na sa dami ng mga palabas na mula sa ibang bansa, wala na atang tatalo pa sa mga programang galing sa mga Asyanong bansa sa dami at sa lawak ng impluwensiya sa mga Pilipino at sa wikang Filipino. Mula sa mga istasyong nag-ere ng mga palabas na Asyano, naidagdag sa ating leksikon ang mga salitang *Asiannovela* (Asya + Novela) na katawagan sa mga palabas na mula sa kapit-bansa sa Asya na unang ginamit sa mga *internet forums* at tuluyang lumaganap at ginamit ng madla, Koreanovela, Taiwanovela, Japanovela o Jdorama na ginagamit sa kasalukuyan upang tukuyin ang pinagmulang bansa. Pinakamarami rito ay ang mga seryeng mula sa Korea tulad ng *Lovers in Paris*, *Jewel in the Palace*, *Dong Yi*, *Princess Hour* at *Full House*. Matatandaang ang ekspresyong ‘Aja!’ ay galing sa ‘Lovers in Paris’ na naging ekspresyon rin ng marami sa atin, Isa sa mga pangunahing dahilan na itinuro ng patuloy na pagsikat ng mga naturang programa ay malinis at maayos na takbo ng kuwento ng mga ito. Kasama na rin dito ang pag-iiba-iba ng mga magkatambal na artista sa bawat palabas.

Ayon pa nga sa ginawang panayam ng Philippine News Agency (nd) kay Korean Cultural Center in the Philippines (KCC) Director Lee Jincheol; Arayata (2018):

*“What is distinct about Korean culture is its candidness, which can be seen in KDramas”. He emphasized that KDramas do not just feature the region or tourist attractions. “They (KDramas) don't exaggerate. They are not exclusive or patriotic,” he remarked. Lee said “KDramas always deal with the everyday lives of ordinary people, so the viewers could relate. With regards to KPop”, Lee said: “this is very hard to define, since it is a collection of other cultures.” What makes KPop unique, as for Lee, is its non-*

*exclusiveness, since it embraces other culture. There is open-mindedness," he said. "(KPop) songs reflect the agonies, the scar, the concerns of other people," he pointed out. "(KPop singers) need to be very brave to describe these (factors) and put these in their songs." Lee surmised this could be the reason many people could relate to KPop."*

Ito ang naging pahayag ni *Korean Cultural Center in the Philippines* (KCC) Director Lee Jincheol kung bakit tayong mga Filipino ay mabilis na tinanggap ang kulturang Koreano. Binanggit rin niya sa pahayag na dahil na rin sa hilig ng mga Filipino sa mga istoryang may tema tungkol sa romansa ay talaga namang nahuli nila ang kiliti ng mga Pilipinong manonood kung kaya't naging patok ang mga KDrama sa Pilipinas.

Bunsod ng samot-saring sikat na mga television drama ng South Korea, nagkakaroon ng malalim na interes ang mga Filipino rito. Ayon sa direktor na si Viktor Villanueva, "*hindi nalalayo ang tema ng mga KDramas sa mga ipinapalabas at napapanood na mga teleserye sa Filipinas. Technically same lang like palabang na girl versus rich guy, poor versus rich, gano'n. Even 'yong mga historical drama nila, it's about 'yong mga who's in power,*" paliwanag ni Villanueva, na nagsanay sa ilalim ng mga Koreanong direktor at *producer* ng pelikula. Dagdag pa "*And aside from that, the lead actors and actresses, they're beautiful, even 'yung lalaki, beautiful. So may ginawa siyang appeal*" (ABS-CBN News.com, 2018).

Dagdag pa, kinagigiliwan ng maraming Filipino ang teleseryeng Asyano dahil sa naglalarawan ito ng tunay na buhay kaya nakaka-relate ang mga manonood dahil na rin sa mga magagaling na mga aktor at dahil sa mismong takbo o kuwento nito na iba sa normal o kadalasang nakikita ng mga Pinoy sa mga teleseryeng pinoy kaya mas naengganyo silang panoorin ang mga ito. Dahil din sa makatotohanang mga sitwasyon at magandang paraan ng pagpapalabas ng mga ito. Nagiging dahilan din ang mga lugar at magagandang tanawin na naisasama nila sa mga teleserye (Portillo, 2018).

Ayon din naman sa The Freeman (2016), maraming mga magulang ang komportable rin sa KDrama dahil kadalasan ay "ligtas para sa kanilang mga anak na panoorin." Karamihan sa mga KDrama ay Rated-G (General Patronage o para sa pangkalahatang madla) na may mas kaunting konsentrasyon sa karahasan o mga napakaraming wika ay hindi katulad ng maraming mga drama at serye mula sa Kanluran.

Binanggit ni Gonzales (2018), isang dahilan din ng pagkahilig ng mga Pilipino sa KDrama ay nagkakaroon ang mga Pilipino ng interes na malaman kung ano ang kultura ng ibang bansa. Sa kabilang dako, ang mga istorya sa Korean drama ay simple ngunit iba-iba. Sa kabila nito'y may mga pagkakatulad din sa mga kuwento ang mga drama. Karaniwang umiikot ang kuwento sa isang babae na mapagtagumpayan ang maraming pagsubok na darating sa buhay nito. Sa madaling salita, *universal* ang tema. Kasama rin madalas sa mga drama ang kasaysayan ng Korea kung kaya naman ang mga lokasyon at *costume* ay kinagigiliwan din ng mga manonood (Forrester, 2005; Wang, 2006).

Isa pa ay ang mga palabas na galing sa Korea ay sa bansang iyon ginawa, malinaw na ipinapakita ang pagiging isang mayaman na bansa. Ayon pa kay Cervantes (2006), sa mga Koreanong palabas ay mapapansin ang pagpapahalaga sa pamilya. Sa usapin naman ng kapangyarihan, mas matimbang ang kalalakhian kaysa kababaihan. Mapapansing hindi sumasagot ng pabalang o nagtataas ng boses ang mga Koreano sa nakakatanda sa kanila. Malinaw na mataas ang pagpapahalaga sa mga mas nakakatanda ng mga Koreano.

Sa kabilang dako, sinasabing hindi lamang ang Filipinas ang napukaw ang atensyon sa mga Asyanong *soap opera*. Pinaniniwalaang sikat din sa ibang mga bansa tulad ng Hong Kong, Tsina, Singapore, Indonesia, at maging sa Hawaii at iba't ibang bansa sa Asya. Ang mga Asyanong *soap opera* lalo't higit ang mga Koreanong drama (Cabato 2004; Wang 2006; Forrester, 2005).

Gayunpaman, bagamat ang mga pelikulang Tsino ay tinangkilik na sa Pilipinas sa mahabang panahon, ang popularidad ng mga Tsino at Koreanong *soap opera* ay tumaas lamang nang isalin sa wikang Filipino ang mga ito (Cabato, 2004). Kahit na may iba't ibang wika at kultura, ang mga tagahanga ng KDrama sa iba't ibang bahagi ng mundo ay hindi mapigil ang pagmamahal sa kulturang Koreano. Ang mga Pilipino ay laging bukas upang matuto ng ibang kultura na kung bakit ang ilan ay mas nais na maging malay sa kulturang Koreano. Samantala, walang sapat na gulang para sa KDrama at ang pag-ibig ng mga Pilipino para sa kultura ng *Hallyu* ay tiyak na hindi magtatapos. Anuman ang mangyayari, ang mga Pilipino ay palaging magiging isa sa mga tunay na tagahanga ng *Hallyu* sa mundo (Sison, 2017).

## Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang mga salik-kultural na maaaring magbigay-linaw sa ng mga Filipino sa KDrama sa kabila ng pagkakaiba sa oryentasyong kultural ng tagapanood at ng mga materyal na pinanonood. Sa pag-aaral na ito ay nasasagot ang na katanungan: (1) Ano ang mga salik-kultural sa pagkahumaling ng mga Filipino sa panonood ng Korean drama, ayon sa, Tema (*Theme*) at Moda (*Fashion*: Pananamit; Pag-aayos ng Buhok; at Aksesorya sa Katawan).

## II. METHODOLOGY

Ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral na ito ay deskriptiv-kwalitativ na nasa anyong pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* upang mabigyan ng kahulugan at malalimang pagsusuri ang iba't ibang kulturang Filipino na nakapaloob sa mga Koreanong palabas o mas kilala bilang KDrama (*Korean Drama*). Binigyang pokus sa pag-aaral na ito ang pagsusuri sa tatlo sa pinakamatagumpay at popular na KDrama ng Korea. Ang mga KDramang ito ay pinili ayon sa mensahe, tema, pagpapahalaga na matutuhan, popularidad ng mga nasabing piling KDrama sa mga Pilipino, antas ng *ratings* na nakamit sa kasagsagan ng pagpapalabas ng mga adaptasyon nito sa mga lokal na istayon ng telebisyon sa bansa at mga pagkilalang natanggap. Ang mga KDramang pinili ay ang *Full House*, *Endlesslove: Autumn in My Heart*, at *Descendants of the Sun*. Ginamit ng mananaliksik ang paraang *thematic analysis* upang organisahin at bigyang-pagpapakahulugan ang mga natukoy na datos bilang tugon sa layunin ng pag-aaral. Pagkatapos ay pumili ang mga mananaliksik ng mga tagatugon (validator) na siyang magpapatunay o magtataya sa kapaniwalaan at katotohanan ng pagsusuri ng mga mananaliksik. Gamit ang *purposive sampling* pinili ang tatlong tagasuri sa nasabing larangan ng pagsusuri. Ang tatlong (3) napiling tagatugon ay maituturing na mga dalubhasa sa panitikan at may kasanayan sa pag-aaral at pagsusuri ng pelikula na magiging tagatugon sa pag-aaral na ito. Bukod dito, ang tatlong (3) tagatugon ay pinili ayon sa kanilang karanasan sa pagtuturo ng panitikan, kwalipikasyon, kakayahan at oras na maigugol sa panonood ng bawat pelikula at pagsagot sa mga katanungan ayon sa mga suliranin o layunin sa pag-aaral nito.

## III. RESULT AND DISCUSSION

Inilalahad sa bahaging ito ang interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa pagsusuri sa mga Piling Koreanong Palabas na Kinahihiligan ng mga Filipino. Tatlo ang napagpasyahang suriin ng mga mananaliksik. Ang mga Koreanong palabas na napiling suriin ng mga mananaliksik ay ang *Endless Love: Autumn in My Heart*, *Full House*, at *Descendants of the Sun*.

### 1.1 Tema

Sinasabing ang tema ang isa sa pinakamahalagang elemento ng isang kuwento, tula, sanaysay, at iba pa. Ito rin ang pangkalahatang kaisipan na nais palutangin ng may-akda sa kanyang kuwento upang mas maintindihan ng mga manonood o mambabasa at dito rin nabubuo ang kaisipan ng manonood. Ayon pa kay Galit (2019) ang tema ang nagiging lunsaran ng pagsasalaysay at nagpapalawak sa mga pangyayari.

### TALAHANAYAN 1

#### Salik-Kultural ayon sa Tema (*Theme*)

MGA KOREAN DRAMA			
SALIK	Endless Love: Autumn in My Heart	Full House	Descendants of the Sun
Tema	Sakripisyo ng dalawang ina sa kanilang mga anak na pinaglaruan ng pagkakataon.	Pag-iibigan ng isang artista at manunulat.	Pag-iibigan ng isang Sundalo at Doktor
	Pag-iibigan ng dalawang taong magkaiba ang	Pagpapahalaga sa relasyong pampamilya.	Pag-iibigang hahamakin ang lahat.
		Pagpapahalaga sa relasyong	Pagmamahal sa Bayan

---

katayuan sa buhay.	pagkakaibigan.	Pagpapahalaga sa sinumpaang propesyon.
Wagas na pagmamahalan ng dalawang tao hanggang kamatayan.		Mataas na pagpapahalaga sa prinsipyong pangkatauhan.
Pagpapahalaga sa relasyong pampamilya.		Pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan.
Pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan.		Pagpapahalaga sa relasyong pampamilya.

---

### **Endless Love: Autumn in My Heart**

*Sakripisyo ng dalawang ina sa kanilang mga anak na pinaglaruan ng pagkakataon.* Sa KDrama na Endless Love: Autumn in My Heart, nakakitaan ng mga mananaliksik ng tema ang palabas tungkol sa sakripisyong nagawa at naranasan ng dalawang ina sa kanilang mga anak. Mapapanood sa KDrama na dahil sa pangyayaring naganap na kung saan ay nagkapalit ang kanilang mga anak at kalauna'y napag-alaman nilang hindi nila mga anak ang kanilang mga anak na pinalaki, doon ay pumapasok ang eksenang kinakailanagn nilang magsakripisyo na ibalik ang kani-kanilang mga anak sa tunay nitong ina kahit na napamahal na ito sa kanila kahit hindi tunay na kadugo at kahit hindi na nila ito gustong malaway pa sa kanila.

*Pag-iibigan ng dalawang taong magkaiba ang katayuan sa buhay.* Mapapanood sa KDramang ito na nagmamahalan ang dalawang tao, sina Yoon Joon-suh at Yoon Eun-suh kahit na magkaiba ang estado nila sa buhay. Si Yoon Joon-suh ay mula sa isang mayaman o maykayang pamilya sapagkat ang kanyang ama ay isang inhenyero at ang kanyang ina naman ay may katayuan sa buhay. Samantalang si Yoon Eun-suh naman ay dating mayaman ngunit noong napunta na siya sa kaniyang toong ina ay naghirap na siya, na kung saan ang kanyang ina ay may-ari ng isang munting kainan. Makikita sa KDrama na hindi naging hadlang ang magkaibang katayuan nila sa buhay upang mapagtagumpayan ang kanilang pag-iibigan.

*Wagas na pagmamahalan ng dalawang tao hanggang kamatayan.* Sa KDramang ito ay nakakitaan ng tema tungkol sa pag-iibigang wagas at pag-iibigang hanggang kamatayan sa pagitan nila Joon-suh at Eun-suh. Mapapanood sa sa KDrama na kahit labag ang kanilang mga magulang, mga kaibigan at kapatid sa kanilang pagmamahalan ay hindi naging hadlang ang mga iyon upang hindi maipagpatuloy ang kanilang pagmamahalan. Pinatunayan nila na kapag tunay na nagmamahalan ang dalawang puso ay walang hindi kayang malampasan na mabibigat na pagsubok. Ang kanilang pagmamahalan din ay hanggang sa kamatayan sapagkat kahit alam na ni Joon-suh na ilang araw nalang ang ilalagi ni Euh-suh sa mundo ay hindi iyon naging balakid upang pakasalan niya ito at noong namatay si Eun-suh ay mas pinili na rin ni Joon-suh na mamatay na lang din upang maipagpatuloy ang kanilang pagmamahalan hanggang sa kabilang buhay.

*Pagpapahalaga sa relasyong pampamilya.* Nakakitaan din ng tema ang KDrama na ito tungkol sa pagpapahalaga sa relasyong pampamilya. Binigyang-diin sa palabas na ito ang kahalagahan ng maganda at maayos na relasyon sa bawat miyembro ng pamilya. Mapapanood rito na pinapahalagahan ang pamilya sa pamamagitan ng pagrespeto sa nakatatanda, pakikinig sa mga payo, paglalaan ng oras sa pamilya, at pagiging bukas ng bawat miyembro ng pamilya sa kani-kanilang mga problema sa bawat isa at pinag-uusapan ito sa maayos at mahinahon na paraan.

*Pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan.* Ang KDramang ito ay naglalaman din ng temang pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan. Mapapanood sa palabas na ito ang ilang mga eksena na kung saan ang bidang lalaki

na si Joon-suh ay may matalik na kaibigan na nagngangalang si Tae-seok na magkaibigan mula noong sila ay nasa sekondarya pa lamang. Palagi nilang naaasahan ang isa't isa, at napagsasabihan ng mga problema ang bawat isa. Ngunit isang pangyayari ang sumubok sa kanilang pagkakaibigan ng malaman ni Tae-seok na ang babaeng kanyang pinakamamahal ay karibal pala niya sa puso nito si Joon-suh. Pansamantala ay nagkaroon ng samaan ng loob ang dalawa at kalauna'y naging magkatunggali, ngunit sa bandang huli sila rin ay nagkabati at muli sila ay naging mabuti at matalik na magkaibigan.

### **Full House**

*Pag-iibigan ng isang artista at manunulat.* Sa KDrama na Full House, isa sa mga unang nakitang tema ng mga mananaliksik ay ang pag-iibigan ng isang sikat na modelo at artista na si Young-jae at ng isang ordinaryong tao na nangangarap maging isang tanyag at magaling na manunulat na si Ji-eun. Sa unang *episode* ng palabas mahihinuha na agad na malabong magkagustuhan at magkatuluyan sina Young-jae at Ji-eun dahil sa kanilang maraming pagkakaiba magmula sa kanilang mga prinsipyo sa buhay, mga gusto, pag-uugali at katayuan sa buhay isama na rin ang kanilang hindi magandang unang pagkikita o pagtatagpo sa eroplano. Ngunit talaga ngang totoo na *opposite attracts each other*, sapagkat sa kabila ng maraming pagkakaiba ng bawat isa sa kanila ay nakahanap ng daan ang kanilang mga puso upang ito'y magkatagpo at sila ay magkagustuhan sa isa't isa at sa huli'y masayang nagmahalan ang dalawang tao na magkaiba ang katayuan sa buhay.

*Pagpapahalaga sa relasyong pampamilya.* Nakakitaan din ng mga mananaliksik ang KDrama na ito ng tema tungkol sa pagpapahalaga sa relasyong pampamilya. Kagaya sa kulturang Pilipino malaki rin ang ibinibigay na respeto ng mga Koreano sa mga nakatatanda sa kanila. Mapapansin sa buong durasyon ng palabas na malaki ang respeto at pagpapahalaga ng mga Koreano sa mga nakatatanda sa kanila. Sa pamilya ni Young-jae paulit-ulit na binabanggit at ipinapaalala ng kanyang Lola na mahalaga ang pagsunod sa mga payo ng kanyang mga magulang. Makikita rin sa palabas ang kahalagahan nang pagkakaroon nang maayos na relasyon ng bawat miyembro ng pamilya. Si Ji-eun naman ay kahit yumao na ang kanyang mga magulang ay hindi niya kinakalimutan at patuloy niyang pinapahalagahan at sinusunod ang mga payo at mga aral ng kanyang mga magulang sa kanya.

*Pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan.* Ang KDramang ito ay nakakitaan din ng tema tungkol sa pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan. Ipinakita ng bidang si Ji-eun sa palabas na ito kung gaano niya pinakitaan ng pagpapahalaga ang kanyang dalawang matalik na kaibigan sa kabila ng mga panlolokong ginawa ng mga to sa kanya. Nagawa pa rin niyang bigyan ng tulong at mapatawad ang dalawa niyang kaibigan sapagkat nangibabaw pa rin sa kanya ang mga masasayang alaala at magagandang pagsasama nila noon sila ay nag-aaral pa lamang sa sekondarya. Si Young-jae naman ay kahit naging karibal niya sa puso sina Hye-won at Ji-eun kay Min-hyuk at nagkasamaan sila ng loob ngunit sa kabila noon ay nagawa pa rin nilang magkapatawaran at muli ay maging mabuting magkaibigan sila sa bandang huli.

### **Descendants of the Sun**

*Pag-iibigan ng isang Sundalo at Doktor.* Ang ikatlong KDrama na ito ay may tema naman tungkol sa pag-iibigan sa pagitan ng isang sundalo at doktor. Si Capt. Yoo Si-jin at Dr. Kang Mo-yeon ay parehong responsible at mapagmahal na mamamayan ng kanilang bansa. Maraming pagsubok ang kinahrap ng kanilang pag-iibigan. Nariyan ang tawag ng kanilang propesyon, dahil sa pagkakaiba ng kanilang propesyon na parehong nangangailangan ng kanilang oras at panahon na hindi magkatagpo ang kanilang mga oras at kalaunan ay naging dahilan ng kanilang paghihiwalay, maging ang ilang taong nakapaligid sa kanila na gusto silang paghiwalayin. Ngunit sa kabila ng mga pagsubok na ito sa huli'y nanaig ang kanilang pagmamahalan – nagkatuluyan at namuhay sila ng mapayapa't masaya.

*Pag-iibigang hahamakin ang lahat.* Ang KDrama na ito na nakakitaan ng mga mananaliksik ng tema tungkol sa pag-iibigang kayang hamakin ang lahat. Maraming mga eksena sa buong durasyon ng palabas na kung saan ay

maraming beses na sinubok ang kanilang katatagan lalo na sa kanilang pag-iibigan. Si Capt. Si-jin na kung saan ay nagawa niyang suwayin ang nakatataas sa kanya (*superior*) para lang kay Dr. Mo-yeon. Ngunit ginawa niya iyon hindi dahil gusto niyang sumuway kundi dahil naniniwala siya sa kakayahan ni Dr. Mo-yeon. Nagawa rin ni Capt. Si-jin na malagpasan ang mga kapahamakan maging ang kamatayan matupad lamang ang pangako niya kay Dr. Mo-yeon na uuwi siyang ligtas at buhay. Pag-iibigan na kayang hamakin ang lahat, ilan lamang sa mga temang nangingibabaw sa KDramang ito.

*Pagmamahal sa bayan.* Ang isa pa sa mga temang nakapaloob sa KDrama na ito na nasuri ng mga mananaliksik ay tungkol sa pagmamahal sa bayan. Sa palabas na ito parehong ipinakita ng mga bidang sina Capt. Si-jin at Dr. Mo-yeon at ng ilan pang mga karakter sa palabas na ito ang kanilang buong pusong pagmamahal sa kanilang bayan. Nariyan ang pangyayari o eksena na kung saan ay si Capt. Si-jin at maging ng iba pa niyang kasamahang sundalo na kung na handang magbuwis ng buhay para sa kanilang bayan at kaya rin nilang paglingkuran ang kanilang bayan ng walang hinihinging kapalit, halimbawa na lamang ay hindi isyu sa kanila kung tumanggap man sila ng mababang sahod basta't ang mahalaga sa kanila ay masigurong ligtas at mapagsilbihan nila ang kanilang kapwa at bansa.

*Pagpapahalaga sa sinumpaang propesyon.* Isa rin sa mga tema na nasuri ng mga mananaliksik na lumutang ay tungkol sa pagpapahalaga sa sinumpaang propesyon. Sa karakter ni Capt. Si-jin na kung saan ay maraming beses niyang iniwan ang *date* nila ni Dr. Mo-yeon kapag tinatawag siya ng kanyang tungkulin. May pangyayari rin na kung saan ay mas pinili niya ang kaniyang tungkulin sa bayan bilang isang sundalo kaysa sa kanyang sariling kapakanan. Halimbawa na lamang na kahit nasa kalagitnaan si Capt. Si-jin ng kanyang bakasyon ay walang alinlangan niyang puputulin ang pagbabakasyon kapag may misyon na nakaatang sa kanya.

*Mataas na pagpapahalaga sa prinsipyong pangkatauhan.* Sa pagsusuri ng mga mananaliksik nakakitaan din ng mga mananaliksik ang KDrama na ito ng tema tungkol sa mataas na pagpapahalaga sa prinsipyong pangkatauhan. Makikita ito sa mga katangian ng dalawang bidang karakter na sina Capt. Si-jin at Dr. Mo-yeon. Kay Capt. Si-jin na kung saan ay walang takot niyang itinaya ang kanyang buhay at propesyon masagip lamang ang buhay ng isang tao kahit na ito man ay hindi niya kababayan dahil ayon sa kanyang prinsipyo, ang pagtulong ay wala sa edad, kasarian, estado sa buhay, kung kakilala mo ang isang tao, kababayan mo man o hindi, hanggat ang isang kapwa niya tao ay nangangailangan nang tulong ay handa siyang tumulong sa abot ng kanyang makakaya.

*Pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan.* Katulad ng dalawang naunang KDrama na nasuri ng mga mananaliksik ay nakakitaan din ng mga mananaliksik ang KDrama na ito ng tema tungkol sa pagpapahalaga sa relasyong pagkakaibigan. Si Capt. Si-jin ay may matalik na kaibigan na si Srgt. Myung-ju, ang kanilang pagkakaibigan ay maituturing na higit pa sa turingan ng isang magkapatid. Sapagkat palagin nilang naasahan ang isa't isa, nagdadamayan sa oras na ang isa sa kanila ay nangangailangan ng tulong. May isang pangyayari na kung saan sinubok ang kanilang pagkakaibigan noong malaman ni Srgt. Myung-ju na ang nobya niya na kapwa niya sundalo ay naipagkasundo na pala ng ama nitong heneral na ipakasal kay Capt. Si-jin. Ngunit pangyayaring iyon ay hindi sapat para mabuwag ang pagkakaibigan nina Capt. Si-jin at Srgt. Myung-yu, sapagkat nadaan nila ito sa maayos na usapan at napag-alaman ni Srgt. Myung-yu na hindi naman pala intresado si Capt. Si-jin sa kanyang nobya dahil may nagugustuhan na itong iba.

*Pagpapahalaga sa relasyong pampamilya.* Kagaya rin ng mga naunang dalawang KDrama na nasuri ng mga mananaliksik ay nakitaan din ang KDrama na ito ng mga mananaliksik ng tema tungkol sa pagpapahalaga sa relasyong pampamilya. Sa karakter ni Dr. Mo-yeon na kung saan ay kaagad niyang ipinakilala si Capt. Si-jin sa kanyang ina nang masiguro niyang seryoso sa panliligaw kanya si Capt. Si-jin. Sa eksenang ito ay masasabing may mataas na respeto at pagpapahalaga si Dr. Mo-yeon sa kanyang ina, at masasabi rin na may magandang relasyon sa pagitan ni Dr. Mo-yeon sa kanyang ina dahil hindi siya nag-aatubili na ibahagi sa kanyang ina kung may mga bagong pangyayari sa kanyang buhay karera o buhay pag-ibig.

### 1.2 Moda (Fashion)

Ang ikalawang salik ay tungkol sa moda o *fashion* ng mga Koreano. Lumabas sa pagsusuri ng mga mananaliksik na may malaking salik ang moda ng mga Koreano na mapapanood sa mga KDrama na dahilan kung bakit gustong-gusto itong panoorin ng mga Filipino. Likas sa mga Pilipino ang pagsunod o paggaya sa mga patok o *rending* na uri ng moda na madalas ay nakikita sa *internet* o mga palabas na kanilang pinapanood. Ayon sa artikulo na isinulat ni Belonio (Hulyo, 2017) sa kanyang *website*, isa sa mga dahilan kung bakit gustong-gusto ng mga Filipino ang panood ng mga KDrama ito'y dahil sa gusto nilang gayahin ang *fashion trend* ng mga iniidolo nilang mga artistang Koreano. Gustong-gusto rin ng mga Pilipino ang mga mararangyang damit, "quirky" o kakaibang tabas sa mga desinyo ng damit, at sunod sa uso o napapanahon lagi ang moda ng mga Koreano.

Makikita sa deskriptibong talahanayan para sa mga datos tungkol sa moda (*fashion*) sa mga nakalap ng mga mananaliksik mula sa pagsusuring isinagawa sa tatlong (3) KDrama na nabanggit. Nahahati ang Talahanayan 2 sa tatlong kategorya (2.1 Pananamit, 2.2 Mga Estilo sa Pag-aayos ng Buhok, at 2.3 Mga Aksesorya sa Katawan) ayon sa hinihingi ng layunin at sa kung anong mga datos ang lumabas mula sa pagsusuri ng mga mananaliksik.

## TALAHANAYAN 2.1

### Salik-Kultural ayon sa Moda (Fashion)

SALIK	PANANAMIT		
	MGA KOREAN DRAMA		
	Endless Love: Autumn in My Heart	Full House	Descendants of the Sun
	Sa babae:	Sa babae:	Sa babae:
	Pagsusuot ng bidang babae ng damit na <i>turtle neck</i> , at ng balabal o <i>scarf</i> .	Pagsusuot ng bidang babae at ng ibang karakter na babae ng <i>mini skirt</i> , <i>spaghetti strap top</i> , <i>bolero dress</i> , <i>O-neck Chiffon Dress</i> ,	Pagsusuot ng bidang babae at ng ibang karakter na babae ng mga damit katulad ng <i>key hole dress top</i> , <i>sweetheart dress top</i> , <i>cowl dress top</i> , <i>wrap neck dress top</i> , <i>floral printed dress</i> at <i>shirt</i> , at <i>jumper</i> .
	Pagsusuot ng <i>tube dress top</i> at pinatungan ng maong <i>long sleeve</i> .	<i>top</i> , <i>crop top</i> , <i>Drape front Dress</i> ,	
	Sa lalaki:	Pagsusuot ng bidang lalaki at ng ibang karakter na lalaki ng <i>skinny pants</i> o <i>skinny jeans</i> .	Sa lalaki:
Moda (Fashion)	Pagsusuot ng bidang lalaki at ng isa sa mga karakter na lalaki ng maluwa na <i>sweat shirt</i> .	Pagsusuot ng mga pinagsamang damit tulad ng <i>turtle neck</i> at <i>coat</i> .	Pagsusuot ng pinagsamang <i>t-shirt</i> at <i>coat</i> ; pinagsamang <i>t-shirt</i> at <i>jacket</i> . Mahilig din magsuot ng ang ibang karakter na lalaki sa KDrama ng <i>floral printed polo</i> .
	Pagsusuot ng mga pinagsamang damit tulad ng <i>turtle neck</i> at <i>coat</i> .	Sa Lalaki Pagsusuot ng <i>floral printed polo</i>	Pagsusuot ng <i>skinny jeans</i> o <i>pants</i> .
	Pagsusuot ng pinagsamang <i>t-shirt</i> at <i>coat</i> , at pinagsamang <i>t-shirt</i> at	Pagsusuot ng <i>skinny jeans</i> o <i>pants</i>	Pagsusuot ng <i>hooded jacket</i> at <i>bomber jacket</i> .



jacket.

Sa mga pananamit na makikita sa mga suot ng mga karakter mula sa mga nabanggit na KDrama na sinuri ng mga mananaliksik, karamihan sa mga ito ma-babae o man ma-lalaki ay palaging mahahaba ang manggas ng kanilang mga damit at medyo makakapal ito ay siguro dala na rin nang napakalamig na klima sa kanilang bansa. Mahihilig din ang mga Koreano sa pagsusuot ng pinagpatong na damit o pagto-*top*. Halimbawa sa babae magsusuot sila ng *sweetheart dress top* ay papatungan pa nila ito ng *cardigan* o di kaya ay ang popular maging sa ating mga Filipino, ang *bolero*. Sa mga lalaki naman kapansin-pansin din ang pagsusuot ng simpleng puti o itim na *t-shirt* ngunit papatungan nila ito ng *denim* o *bomber jacket* upang maging mas maporma at astig tignan. Ilan lamang ang mga ito kung bakit nagugustuhan ng mga Filipino na panoorin ang KDrama, dahil nakakakuha sila ng mga ideya ng magagandang istilo sa moda mula sa kanilang napapanood na mga KDrama.

## TALAHANAYAN 2.2

*Salik-Kultural ayon sa Moda (Fashion): Mga estilo sa Pag-aayos ng buhok*

### 2.2 MGA ESTILO SA PAG-AAYOS NG BUHOK

SALIK	MGA KOREAN DRAMA		
	<b>Endless Love: Autumn in My Heart</b>	<b>Full House</b>	<b>Descendants of the Sun</b>
	Sa babae:	Sa babae:	Sa babae:
Moda (Fashion)	Pagkakaroon ng kulay sa buhok o pagpapa-blonde.  Sa lalaki:  Sa lalaki, kadalasan ay naka- <i>brush-up</i> ang ayos na	Mahilig ang mga babaeng karakter sa KDrama ng mga estilo ng buhok katulad ng, <i>messy bun</i> , <i>side ponytail</i> , <i>piggy ponytail</i> , <i>fish tail</i> , at <i>tail ponytail</i> .	Mahilig ang mga babaeng karakter sa KDrama ng mga estilo ng buhok katulad ng, <i>bob cut</i> , <i>apple cut</i> at <i>messy bun</i> .  Pagkakaroon ng kulay sa buhok o pagpapa-blonde.

kanilang mga buhok.

Pagkakaroon ng kulay sa buhok o pagpapa-*blonde*.

Sa lalaki:

Pagkakaroon ng kulay sa buhok o pagpapa-*blonde*.

Sa lalaki:  
 Sa bidang karakter na lalaki, ang estilo ng kanyang buhok ay *longback*, at sa ibang karakter naman na lalaki ay *short spiky hair*.

Pagkakaroon ng kulay sa buhok o pagpapa-*blonde*.

Pagsusuot ng *choker band*.

Kasama rin sa moda ng mga Koreano ang kanilang kakaibang estilo sa pag-aayos ng kanilang buhok na kung saan ay nagustuhan rin ng mga Filipino. Mapalalaki man o mapababae ay talagang pilit na ginagaya ang mga estilo ng buhok ng kanilang mga hinahangaang mga artistang Koreano. Makikita sa talahanayan ang mga datos na nakalap ng mga mananaliksik sa pagsusuring isinagawa. Mapapanood sa tatlong (3) KDrama na sinuri na karamihan sa mga karakter na maikikita sa palabas lalaki man o bababe ay may ibang kulay ang kanilang mga buhok. Maging ang gupit ng mga babaeng Koreano katulad ng *bob cut*, *apple cut* at sa ayos nang pagkakapusod sa buhok gaya ng *messy bun* ay ginagaya rin ng ilang kabataang Filipina sa bansa. Sa mga lalaking Koreano naman na kung saan ay uso sa kanila ang estilo ng buhok na *brush-up* at *short spiky hair* na kitang-kita sa mga kalalaking Filipino sa bansa, ang mga ganitong uri ng estilo ng buhok. Kakikitaan din ang mga ganitong estilo ng mga buhok sa mga lokal na artistang Filipino.

### TALAHANAYAN 2.3

*Salik-Kultural ayon sa Moda (Fashion): Mga Aksesorya sa Katawan*

2.3 MGA AKSESORYA SA KATAWAN			
MGA KOREAN DRAMA			
SALIK	Endless Love: Autumn in My Heart	Full House	Descendants of the Sun
	Sa babae:	Sa babae:	Sa babae:
	Kadalasan sa mga karakter na babae sa KDramang ito ay mahilig maglagay ng hair clip o hairpin na may iba't ibang disenyo at kulay.	Pagsusuot ng mga hikaw, katulad <i>chandelier earrings</i> , <i>drop earrings</i> , <i>pearl earrings</i> .	Kadalasan sa mga karakter na babae sa KDramang ito ay mahilig maglagay ng <i>clip</i> o <i>hairpin</i> na may iba't ibang disenyo at kulay.
Moda (Fashion)	Pagsusuot ng <i>hairband</i> na may iba't ibang palamuti.	Kadalasan sa mga karakter na babae sa KDramang ito ay mahilig maglagay ng <i>hair clip</i> o <i>hairpin</i> na may iba't ibang disenyo at kulay.	Pagsusuot ng mga hikaw, katulad <i>chandelier earrings</i> , <i>drop earrings</i> , <i>pearl earrings</i> .
		Pagsusuot ng kuwentas tulad ng <i>pearl necklace</i> at Paggamit ng mga bag katulad ng <i>clutch bag</i> , <i>duffel bag</i> ,	
		Pagpapakulay ng buhok tulad	

---

ng kulay *chestnut*,

Sa lalaki:

Madalas may nakasuot sa  
bidang lalaki ang kuwentas na  
ang desinyo sa *pendant* ay  
krus o *crucifix*.

Paglalagay ng isang piraso ng  
hikaw sa kanang tenga.

---

Isa rin sa mga salik kung bakit nahuhumaling ang mga Pilipino sa panonood ng KDrama ito ay dahil sa mga kakaiba, makukulay, at magagandang aksesorya sa katawan na ginagamit ng mga Koreano. Makikita uli sa talahanayan ang mga datos na nakalap tungkol sa mga aksesorya sa katawan na nasuri ng mga mananaliksik mula sa tatlong (3) nabanggit na KDrama na sinuri. Sa mga babaeng Koreano nalaman ng mga mananaliksik na mahihilig sila sa paggamit ng mga produktong pampaputi at pampaganda, tulad ng *makeup*, *lipstick*, *eyeshadow*, *false eyelashes*, at *face mask*. Na kung saan ay gustong-gusto rin nga mga Filipina na gamitin. Ayon kay Belonio (2017), ang isa sa mga dahilan kung bakit nahuhumaling ang mga Pilipino na panoorin ang mga KDrama ito'y dahil sa matinding paghanga ng mga Pilipino sa kutis porselana ng mga Koreano at gusto nilang gayahin ang mga produkto na nakikita nilang ginagamit ng kanilang mga iniidolong artista sa mga pinapanood nilang KDrama. Lumutang din sa pagsusuri ng mga mananaliksik na mahihilig din sa iba't ibang disenyo ng mga alahas ang mga Koreano ma-lalaki man o ma-babae na siyang ginagaya rin ng mga Pilipino.

#### IV. CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Malaking salik sa mga Pilipino ang tema at moda (*fashion*) na nakapaloob sa panonooring palabas, at ilan lamang ito sa marami pang dahilan kung bakit gustong-gusto ng mga Pilipino ang mga Koreanong palabas o KDrama. Ang mga temang gaya ng pag-ibig, pagkakaibigan, at pampamilya na nasuri ng mga mananaliksik sa tatlong Kdramang nabanggit ay ilan lamang sa mga dahilan kung bakit tinatangkilik ng mga Pilipino ang panonod ng Kdrama. Nagiging atraktiv naman para sa mga Pilipino na panoorin ang mga Koreanong palabas dahil '*cool*', '*in*' at *trending* ang mga mgaganda at makukulay na moda o fashion ng mga artistang Koreano na napapanood ng mga Pilipino sa palabas.

Inerekomenda ng pananaliksik na gawing kapaki-pakinabang at makabuluhan ang panonood ng mga Koreanong palabas o KDrama sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga akademikong diskurso at pagsasanib ng multikultural na oryentasyon upang magkaroon ng mas malawak na kaalaman at pagpapahalaga ang kasalukuyang henerasyon tungkol sa mga kulturang napapanood sa mga tinatangkilik na KDrama at hindi upang tuluyang talikuran o kalimutan ang sariling kulturang kinamulatan.

#### References

##### Theses and Dissertation

- [1] Cabato, J.U. (2004). A partial ethnography of Asian soap opera viewers of Meteor Garden, Lavender, and Endless Love. Graduate School dissertation, University of the Philippines, Manila, Philippines.
- [2] Cervantes, M.F. (2006). A comparative study on the Filipino telenovela Sa Piling Mo and the koreanovela My Girl. Undergraduate Thesis, University of the Philippines, Philippines.

- [3] Galit, G. (2019). AFTER MATH: Karanasan Pagkatapos ng Sakuna. Isang Pananaliksik na Itinanghal sa Pambansang Kongreso ng SANGFIL 2019: Di-nalathalang Tesis, Cebu Normal University, Lungsod Cebu.
- [4] Gonzales, L. P. (2018). Pagtataya sa mga pagpapahalagang pangkatauhan na nakapaloob sa mga piling pelikulang filipino indie at mainstream. Di-nalathalang Tesis, Leyte Normal University, Tacloban City.
- [5] Portillo, G. A. (2018). Simbolismo, isyung panlipunan at teoryang pampanitikan sa mga piling indie film sa Pilipinas: munkahing gabay ng pagtuturo. Di-nalathalang Disertasyon, University of Bohol, Tagbilaran City, Bohol.

### **Websites & Online Sources**

- [6] ABS-CBN News (2018). Hallyu and I: Sa likod ng 'Korean wave'. Retrieved from <https://news.abs-cbn.com/life/08/20/18/hallyu-and-i-sa-likod-ng-korean-wave>
- [7] Arayata, M. C. (2018). Philippine News Agency. Korean pop culture continues to capture Filipinos' hearts. Retrieve from <https://www.pna.gov.ph/articles/1054208>
- [8] Brian Carlo, J. (23 December, 2018). Ano ang Kultura? Kahulugan | Elemento| Kahalagahan. Retrieve from <https://www.pinoynewbie.com/ano-ang-kahulugan-kultura-elemento-uri/>
- [9] Fabular, K. R. (2108). Bakit Nga Ba Maraming sa mga Pilipino ang nahuhumaling sa K-Drama at K-Pop? Retrieved from <http://krlfab.blogspot.com/2018/02/bakit-nga-ba-maraming-sa-mga-pilipino.html>
- [10] Forrester, C. (2005). Hot drama and convergence boost Korean broadcast market. IBE: International Broadcast Engineer, 16-18.
- [11] Lim, D. (2014). Kulturang pilipino- ang daanan ng pag-unlad. Retrieve from <https://dlimm16.wordpress.com/2014/12/08/kulturang-pilipino-ang-daanan-ng-pag-unlad/>
- [12] Liliy, M. (2017). Pagtalakay Sa Nasyong Nilamon Ng istema Ng KDrama. Retrieved from <https://www.scribd.com/document/367921917/Pagtalakay-Sa-Nasyong-Nilamon-Ng-Sistema-Ng-KDrama>
- [13] Serrano, R (2011). Film Analysis and review: Ang sayaw ng dalawang kaliwang paa. The Diary of a Young Man. Tumblr, 2017 July 2011. Retrieved from <https://janineladdaran.wordpress.com/tag/indie-films/> last 31 Jan. 2017.
- [14] Sison, C. T. (2017). Kabanata I: Ang suliranin at kaligiran ng pag-aaral. Pagsusuri ng Pelikulang Crazy beautifulyou na handog ng Star Cinema. Retrieve from [https://www.academia.edu/36152653/Kabanata\\_I\\_ANG\\_SULIRANIN\\_AT\\_KALIGIRAN\\_NG\\_PAG-AARAL](https://www.academia.edu/36152653/Kabanata_I_ANG_SULIRANIN_AT_KALIGIRAN_NG_PAG-AARAL)
- [15] The Freeman (April 19, 2016). Hallyu wave: Rise of Korean culture in the Philippines. Retrieved from <https://www.philstar.com/the-freeman/cebu-lifestyle/2016/04/19/1574787/hallyu-wave-rise-korean-culture-philippines#sgz1B15hrVTq7dIq.99>
- [16] Wang, K. (2006, December 11). Move over, telenovelas: Korean dramas our next. Television Week, 25 (46), 14